

## PAYÔ SA ADVERTISING

Ang advertising ay isa sa mga pinakamahalagang bahagi ng iyong marketing strategy dahil tumutulong ito sa iyo na i-promote ang iyong negosyo at nagbibigay ito ng isang mabisang paraan upang makipagkomunika sa iyong mga customer. Nakalista sa ibabâ ang ilang mga makakatulong na payô na dapat mong tandaan kapag nagdidebelop ka ng advertising para sa iyong negosyo:

### ANG MGA DAPAT GAWIN

- Maging pamilyar sa mga patakaran at mga regulasyon ng gobyerno para sa marketing at advertising.
- Ipaliwanag nang buo at malinaw ang lahat ng mga mahalagang detalye para sa promo, produkto o serbisyo na ina-advertise mo.
- Gamitin ang mga larawan na katulad ng produktong ibinebenta.
- Singilin ang pinakamababa sa dalawa o higit pang mga presyo na nakalagay sa produkto.
- Siguraduhing mayroon kang sapat na dami ng anumang mga produkto na ina-advertise mo sa bargain na presyo.
- Kapag magkakaroon ng isang contest, sabihin ang lahat ng mga detalye na iniutos ng (*Loi sur la concurrence / Competition Act*) bago may lumahok.
- Siguraduhing alam ng iyong mga tauhan sa sales ang mga "Dapat at Hindi Dapat Gawin". Ang iyong negosyo ay maaaring managot para sa mga sinasabi ng iyong mga empleyado.
- Gamitin lamang ang mga salitang "sale" o "special" kung ang presyo ng produkto ay talagang ibinaba nang malaki.

### ANG MGA DAPAT IWASAN

- Huwag gamitin ang "regular price" o "ordinary price" para sa "manufacturer's suggested list price" dahil hindi sila magkapareho.
- Huwag gamitin ang "regular price" o "ordinary price" sa isang advertisement maliban na lamang kung ang produkto ay ibinenta sa ganoong presyo nang matagal o maraming ganito ang ibinenta sa ganoong presyo.

- Siguraduhing hindi ka magkakaroon ng “sale” nang matagal o hindi mo uulit-ulitin ito bawat linggo.
- Huwag taasan ang presyo ng produkto o serbisyo upang isali ang presyo ng isang libreng produkto o serbisyo.
- Iwasan ang gumawa ng anumang mga claim tungkol sa isang produkto o serbisyo maliban na lamang kung mapapatunayan mo ito, kahit na palagay mo’y totoo ito.
- Huwag magtinda ng produkto nang higit sa presyo na naka-advertise.
- Tandaan na huwag i-delay ang pagbigay ng mga premyo kapag may contest.
- Iwasan ang fine print disclaimers. Kung gagamit ka ng disclaimers, siguraduhing ang mensahe ng ad at ang disclaimer ay hindi nakalilito.
- Iwasan sa advertisement ang gumamit ng mga termino o mga salita na hindi makahulugan at hindi malinaw para sa ordinaryong tao.